SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

Pag-unawa sa mga mapagkukunan ng mapagpabilang na sogi : gabay para sa mga magulang at mga tagapag-alaga

Ano ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI

Ang ibig sabihin ng SOGI ay Sexual Orientation and Gender Identity. Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay isa sa mga maraming mga kasangkapan na ginagamit ng mga guro sa distrito ng ating eskwelahan para pagyamanin ang pang-unawa at pagtanggap sa bawat miyembro ng ating pamayanan, ano mang lahi, kultura, relihiyon, oryentasyong sekswal, o pagkakakilanlan sa kasarian.

Ang mga mapagkukunang ito ay may kritikal na tungkulin sa paglikha ng ligtas, mapagtanggap, at mapagpabilang na kapaligiran para sa mga estudyante at mga tauhan, at ihanda ang ating mga mag-aaral para maging malikhain at kritikal sa pag-iisip, makipag-usap nang may kasanayan, at magpakita ng pag-aasikaso para sa sarili at sa iba. Ang mga mapagkukunang ito ay naglalayong bawasan ang pambu-bully at diskriminasyon, at hindi ito naka sentro sa sekswalidad.

Mga Pangunahing Punto Tungkol sa mga Mapagkukunan ng Mapagpabilang na SOGI

- ### Ang mga Ito ay Mahahalagang Bahagi ng Mapagpabilang na Edukasyon
  Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay magbibigay sa mga guro ng mga kinakailangang mga kasangkapan para magkaloob ng mga makatotohanang impormasyon, pagyamanin ang pagdamay, at tulungan ang mga estudyante na maintindihan at respetuhin ang pagkakaiba-iba ng ating pamayanan at ang kahalagahan ng paggamit ng mapagpabilang na wika.

- ### Pinapaunlad ng mga ito ang Respeto at Pagdamay
  Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay tumutugon sa mga paksang tulad ng iba't-ibang mga pagkakakilanlan, pagkakaiba-iba ng pamilya, stereotypes, pambu-bully at pang-iinsultog.

- ### Nirerespeto ng mga ito ang Karapatan ng Magulang
  Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay inilaan para umakma sa pagsisikap ng mga magulang para maituro ang pagpapahalaga sa pagpapa-ubaya, respeto, at pagtanggap sa lahat ng mga tao. Ang ating mga eskwelahan ay gumagamit ng paraan na umaalala sa mga alalahanin ng magulang, habang sinisigurong ang mga estudyante ay handa para sa mundo ng mga pagkakaiba-iba.

- ### Ang mga Ito ay Angkop sa Edad
  Lahat ng mga estudyante ay nag-aaral tungkol sa mga paksang gaya ng respeto, pagkahabag, at pagkakaiba-iba, habang ang mga mas kumplikadong mga paksa tulad ng diskriminasyon at kawalan ng hustisya ay sinisiyasat sa paraang tugma sa paglaki at sa edad.

SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

- ## Nagbibigay ang mga Ito ng Suporta para sa mga Estudyanteng 2SLGBTQ+

  Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay nagbibigay suporta, pakiramdam ng pagiging bahagi at patunay para sa 2SLGBTQ+ na mga estudyante na maaaring nakakaramdam na sila ay nakahiwalay o marginalized. Nakakatulong ang mga ito na lumikha ng isang kapaligiran kung saan lahat ng mga estudyante ay maaaring umunlad.

- ## Lahat ng mga Estudyante ay Nakikinabang Dito

  Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pagkakaroon ng mapagpabilang na silid-aralan at mga espesipiko sa SOGI at kontra pambu-bully na mga patakaran ay nakakapagpabuti sa klima ng eskwelahan, nakakabawas ng diskriminasyon, depresyon, pagkabalisa, paggamit ng “sangkap”, ideya ng pagpapakamatay, at pagtatangkang magpakamatay para sa LAHAT ng mga estudyante.

Pakikilahok ng Magulang:

Hinihikayat namin ang mga magulang at mga tagapag-alaga na sumali sa bukas at marespetong talakayan kasama ang kanilang mga anak tungkol sa impormasyong iprinisinta sa lahat ng mga mapagkukunan sa silid-aralan. Ang mga magulang at mga tagapag-alaga ay palaging handang tanggapin kapag lumalapit sa guro ng kanilang anak , prinsipal, o distrito kung meron silang mga tanong o mga alalahanin.

Ang Aming Pangako:

Ang Surrey School District ay nangangako na magbibigay ng ligtas at sumusuporta na kapaligiran ng pag-aaral para sa bawat estudyante, ano man ang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan sa kasarian nito. Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay isa lamang sa mga maraming kasangkapan na ginagamit namin para makamit ang layuning ito.

Sama-sama, makakalikha tayo ng mas maunawain, mapagpabilang, at mapagtanggap na komunidad.